



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo


Taon XLI Blg. 23
Disyembre 7, 2010
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Marami pang hamon sa pagsusulong ng usapang pangkapayapaan

Sa rekomendasyon ng Negotiating Panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), idineklara ng Komite Sentral at Komisyonang Militar ng Partido Komunista ng Pilipinas at Pambansang Konseho ng NDFP ang 18-araw na unilateral na tigil-putukan ngayong Disyembre 16, 2010 hanggang Enero 3, 2011. Ang gayong unilateral na deklarasyon ng suspensyon ng mga opensibang aksyong militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ay inilabas ng pamunuan ng Partido at NDFP sa batayang makatao at bilang pagpapakita ng kagandahang-loob sa pagdiriwang ng tradisyunal na kapistahan ng Pasko at Bagong Taon. May katugon at kasabay ding deklarasyon ang gubyernong Aquino.

Layunin ng kagandahang-loob ng NDFP at magkatugong tigil-putukan ng NDFP at ng Guberno ng Republika ng Pilipinas (GRP) na likhain ang mainam na kundisyon para sa usapang pangkapayapaan. Nais nitong hikayatin ang pagpapalaya sa mga ikinulong na konsultant at istap ng NDFP sa usapang pangkapayapaan at iba pang bilanggong pulitikal, ang lubos na pagsasakatuparan ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG), ang pagwawakas sa mga paglabag sa karapatang-tao alinsunod sa pagtaguyod sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), at ang pagpapahusay ng mga



kundisyon para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan.

Ang magkatugong tigil-putukan ng GRP at NDFP ay resulta ng pagsisikap ng mga panel nito sa impormal na pag-uusap sa Hongkong nitong unang linggo ng Disyembre. Tinatanaw ang pagdaraos ng mga panimulang usapan sa Enero at pormal na pagpapatuloy ng mga usapan sa Pebre-

Mga tampok sa isyung ito...

Deklarasyon ng tigil-putukan PAHINA 3

Welgang estudyante, lumalawak PAHINA 8

US, nang-uupat ng gera sa Korea PAHINA 14

ro na kapwa idaraos sa Oslo, Norway.

Umaasa ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayang Pilipino na hindi masasayang ang magagandang panimulang hakbangin. Matagal nang kahilingan ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayang Pilipino sa GRP na tugunan ang mga sigaw para sa pambansa at panlipunang paglaya at katarungan, at makiisa sa kahilingang idaan sa usapang kapayapaan ang paglutas sa mga suliraning siyang nasa ugat ng umiigting na gera sibil sa bansa.

Sa muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan, nakahanda ang NDFP na humakbang pasulong sa mga susunod na adyenda ng pag-uusap. Gayunpaman, sadyang marami pang kailangang gawin ang rehimeng Aquino upang patunayan na ito ay sinsero at seryoso sa paghahanap ng solusyong pulitikal sa gera sibil. Marami ring dapat ituwid ang rehimeng Aquino sa mga ginawa na nitong

hakbangin sa unang limang buwan ng paghahari nito. Determinado ang rebolusyonaryong kilusan na panagutin ang GRP sa mga obligasyon nito sa mga nagdaang kasunduan.

Nitong nakaraang limang buwan, nabigo si Aquino na palayain ang mga konsultant at istap ng NDFP sa usapang pangkapayapaan na dinakip at ikinulong ng militar batay sa mga gawa-gawang kaso. Ang pagbilanggo sa kanila ay labag kapwa sa JASIG (na nagbibigay-proteksyon sa mga tauhan ng NDFP na sangkot sa usapan) at sa CARHRIHL. Nakakulong pa rin hanggang ngayon ang mga konsultant ng NDFP na ibinilanggo sa ilalim ng nagdaang rehimeng Arroyo.

Bigo rin ang rehimeng Aquino na gumawa ng mga hakbangin para iwasto ang ginawang pagdukot at patuloy na paglilihim sa katayuan ng iba pang mga kasamang konsultant ng NDFP na sina Kasamang Leo Velasco, Prudencio Calubid at Ro-

gelio Calubad, gayundin sa asawa at pamangkin ni Calubid at dalawa pa niyang istap. Sila ay pawang dinukot ng mga operatibang militar noong 2006, ngunit itinangging ilitaw at iharap sa mga hukuman at pinangangambahang patay na. Patuloy na naghahanap ng katarungan ang kanilang mga kamag-anak, kasama at kaibigan.

Kailangan pa ring gumawa si Aquino ng mapagpasyang hakbangin para kagyat na mapalaya ang Morong 43, gayong kinilala niyang ilegal ang proseso ng pagdakip at sa harap ng malawak na panawagan sa bansa at buong daigdig para sa kanilang paglaya.

Higit sa lahat, tumanggi ang rehimeng Aquino na itigil ang Oplan Bantay Laya (OBL), ang malawakang kampanya ng panunupil na halos isang dekadang nanalasa sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Sa halip, iniutos ni Aquino ang pagpapalawig ng OBL hanggang sa katapusan ng taon habang inihahanda pa ang kapalit niyon.

Walang ginagawang pagwawasto si Aquino sa OBL. Ang pagpapalawig nito ay nagbunsod ng pagpapatuloy ng malawakang paglabag sa karapatangtao sa buong bansa. Nitong nakaraang limang buwan, hindi bababa sa isa kada linggo ang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang na tumatarget pangunahin sa mga progresibong lider-manggagawa at -magsasaka. Patuloy ang pananalasa ng mga operasyong militar sa kanayunan na gumigipit at nagpapahirap sa mamamayan. Tumampok kamakailan ang pagkaka-



Taon XLI Blg. 23 Disyembre 7, 2010

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal: Hamon sa pagsusulong sa usapang pangkapayapaan	1
Deklarasyon ng tigil-putukan	4
Pagbuwag sa protesta sa kuliglig	5
Ambus sa ComVal at iba pa	5
13 sundalo, patay sa CagVal	6
Kumpanya sa mina, pinarusahan	7
NDF-EV, binatikos ang AFP	7
Welgang estudyante, lumalawak	8
Welgang estudyante sa ibang bansa	10
Raling iglap ng KM	10
Bungkalan sa Negros	11
Bungkalan sa Hacienda Luisita	12
Mga paglabag sa karapatan	13
Kasinungalingan sa Quezon	13
US, nang-upat ng gera sa Korea	14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

paslang kay Leonardo Co ng mga nag-ooperasyong tauhan ng 19th IB sa Kananga, Leyte noong Nobyembre 15.

Daang libo na ang mga biktima ng mga pagyurak sa karapatang-tao, kabilang ang buu-buong mga komunidad na pinalayas o kaya'y sinalanta ng mga operasyong militar. Patuloy ang mga pagdukot at pagtortyur. Patuloy ang mga atake sa mga ligal na demokratikong organisasyon. Patuloy na nagdurusa ang mahigit 400 bilanggong pulitikal. Grabeng kalupitan ang ipinamamalas ng rehimeng Aquino sa ginawa nitong pagbuwag sa mga bahay ng mga maralita ng lunsod.

Kailangang itaguyod ni Aquino ang CARHRIHL bilang pagpapamalas ng kahandaan nitong itaguyod ang mga kasunduang pinasok ng GRP nitong nakaraang mga taon. Dapat bigyang-katarungan ang libu-libong biktima ng pang-aabusong militar, ang mga biktima ng masaker sa Hacienda Luisita at ang mga biktima ng pagdukot. Dapat ipatupad ang kasunduang bigyan ng bayad-pinsala ang mga biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao sa panahon pa ng pasistang diktadurang US-Marcos.

Dapat isagawa ng rehimeng Aquino ang seryosong mga hakbangin upang ihinto ang lansakang paglabag sa karapatang-tao. Dapat magkaroon ng pundamental na pagbabago sa pinaiiral nitong balangkas sa pagharap sa mga hinaing at paglaban ng bayan. Dapat mapagpasyang iwaksi ang mga dinisenyo ng US na pasistang doktrinang “kontra-insurhensya” sa

likod ng OBL. Hindi sasapat ang mga pabalat-bungang “programang pangkarapatang-tao” ng AFP na wala namang iwinawasto sa nagdaan nitong mga abuso at nagsisilbi lamang na pantakip sa pagpapatuloy ng mga pang-aabusong ito. Hanggat sunud-sunuran sa US COIN, magpapatuloy ang prayoridad ng rehimen sa brutal na gera laban sa mamamayan na patatamisin lamang ng mapanlinlang na saywar, retorika, palimos at iba pang gimik. Ang usapang pangkapayapaan ay magsisilbi lamang na instrumento para sa pagpapasuko sa mga rebolusyonaryong pwersa at panlilinlang ng mamamayan.

Sa pagpasok sa susunod na sustantibong adyenda hinggil sa mga repormang sosyo-ekonomiko, isusulong ng NDFP ang usapin ng pagtatayo at pagpapaunlad ng nagsasariling pambansang ekonomya at pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon, tunay na repormang agraryo at iba pang programang pangkaunlaran ng bansa. Sa kasunod pang adyenda hinggil sa mga repormang pampulitika at konstitusyunal, igigiit ng NDFP ang pambansang kasarinlan mula sa kontrol ng imperyalismong US at ang tunay na demokrasya laban sa monopolyong kontrol ng malalaking asendero at kumprador burgesya sa kapangyarihang pampulitika.

Batid ng mga rebolusyonaryong pwersa na taliwas ang mga ito sa kasalukuyang pinaiiral na mga patakaran ng rehimeng Aquino. Taliwas ito sa pagpanig sa malalaking asendero laban sa pagpapatupad ng reporma sa lu-

pa. Taliwas din ito sa isinasakapang programa para sa Public-Private Partnership at pagsalalay sa dayuhang pamumuhunan at pangungutang. Taliwas ito sa ginawang mga pagkaltas sa badyet sa edukasyon, kalusugan at iba pang panlipunang serbisyong lubhang kinakailangan ng naghihirap na malawak na mamamayan. Taliwas ito sa programang Conditional Cash Transfer na ipinataw ng World Bank upang malulong ang mamamayan at ang bansa mismo sa paglilimos at pangungutang. Taliwas ito sa mga makaisangpanig na tratado sa US, tulad ng Visiting Forces Agreement at kagnay nitong Mutual Defense Treaty. Taliwas ito sa kalahatan ng umiiral na relasyong amo-at-papet sa pagitan ng US at ng lokal na naghaharing estado at rehimen.

Dahil dito, sadyang magiging maganit at mahirap ang proseso ng negosasyon at pagbubuo ng mga kasunduan. Kaalinsabay at sa balangkas ng pagsusulong ng armadong pakikibaka at mga pakikibakang bayan, itinutulak nang walang ilusyon ng mga rebolusyonaryong pwersa ang usapang pangkapayapaan. Batid ng mamamayan na wala silang anupaman kung walang hukbong bayan at walang digmang bayan. Tangan ang mga sandatang ito, puspusang isusulong ng NDFP ang usapang pangkapayapaan upang lalong patingkarin ang pambansa at demokratikong mga adhikaing ipinaglalaban ng mamamayan at lalong mapalawak ang suporta para sa mga pakikibakang ito. AB

Deklarasyon ng tigil-putukan

**Komite Sentral at Komisyong Militar
Partido Komunista ng Pilipinas
National Executive Committee
National Democratic Front of the Philippines
Disyembre 7, 2010**

Idinedeklara namin sa lahat ng kumand at yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at milisyang bayan ang kautusan para sa tigil-putukan na magsisimula oras na maglabas ng sabay at katugong kautusan para sa tigil-putukan ang Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa mga pwersang militar, pulisya at paramilitar nito, sa 00:01H ng 16 Disyembre 2010 hanggang 23:59 ng 03 Enero 2011.

Alinsunod sa tigil-putukan kapwa ng GRP at National Democratic Front of the Philippines (NDFP), lahat ng kumand at yunit ng BHB ay titigil sa paglulunsad ng mga opensibong operasyon laban sa mga armadong yunit at tauhan ng Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) at mga pwersang paramilitar ng GRP.

Habang umiiral ang tigil-putukan, lahat ng kumand at yunit ng BHB at ang milisyang bayan ay magmamantini ng modang dependisibo kapwa sa estratehiko at taktikal na antas ngunit ma-

nanatiling alerto laban sa anumang panghihimasok sa teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan, paniniktik o opensibong operasyon ng mga armadong kumand at yunit ng GRP. Gagawin lamang ang aktibong pagdepensa sa sarili sa harap ng malinaw at napipintong pangang-nib.

Ang lahat ng mapandigmang aksyon o kilos ng kaaway na armadong pwersa ay susubaybayan at iuulat pataas alinsunod sa istruktura ng kumand ng Bagong Hukbong Bayan at pamunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas at National Democratic

Front of the Philippines upang mabigyan ng tuluy-tuloy, napanahon at wastong impormasyon ang NDFP Negotiating

Panel hinggil sa mga pagtalima o paglabag sa tigil-putukan.

Ang mga upisyal at myembro ng AFP at PNP na walang seryosong pananagutan maliban lamang sa kanilang pagiging myembro ng kani-kanyang armadong yunit ay hindi aarestuhin o parurusahan. Bilang mga indibidwal, maaari silang pahintulatang pumasok sa teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan para personal na bumisita sa mga kamag-anak at kaibigan.

Ang buong kautusan sa tigil-putukang ito ay inilalabas sa batayang makatao at bilang pagmamagandang-loob upang mapahintulutan ang mga kumand, yunit at tauhan ng naglalamanang mga hukbo ng GRP at NDFP na ipagdiwang ang tradisyunal na mga pista upisyal at magsaya sa diwa ng Kapaskuhan at Bagong Taon.

Umaasa kami na ang pagmamagandang-loob at tigil-putukan sa pagitan ng GRP at NDFP ay makalilikha ng mas mainam na kundisyon para sa negosasyong pangkapayapaan at magbubunsod ng pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal, sa lubos na pagtupad sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees, sa pagtatapos sa mga paglabag sa karapatang-tao bilang pagtalima sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law, sa paglulunsad ng panimulang mga pag-uusap ng mga kinatawan ng GRP at NDFP Negotiating Panel sa Oslo sa Enero 2011 at muling pagbubukas ng pormal na pag-uusap ng mga panel sa Oslo sa Pebrero 2011. AB





Ambus sa ComVal at iba pang opensiba ng BHB

Limang sundalo ng 5th Scout Ranger Company ang napatay at sampung iba pa ang nasugatan nang tambangan ng isang platoon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa ilalim ng Rhyme Petalcorin Command-BHB (RPC-BHB) ang kanilang yunit sa Barangay Paloc, Maragusan, Compostela Valley noong Nobyembre 30. Umabot sa 50 sundalo ng 5th Scout Ranger Company ang nagsagawa ng operasyon. Para mapangibabawan nila ang disbentahe sa lakas, gumamit ang mga Pulang mandirigma

ng BHB ng tatlong *command-detonated explosive* na direktang tumama sa kolum ng mga sundalo. Isang mandirigma, si Kasamang Boogie, ang napatay sa labanang ito.

Samantala, sa Negros Oriental, tinambangan ng BHB noong Nobyembre 20 ng umaga ang isang iskwad ng Candalanon CAFGU detachment sa Barangay Trinidad, Guihulngan City. Napatay sina S/Sgt. Rey Palomaria, hepe ng nasabing detachment, at isa pang kasapi ng CAFGU habang nasugatan ang dalawa

pang paramilitar. Nakakumpiska ang mga Pulang mandirigma ng isang awtomatikong ripleng M14 at mga bala.

Pinalaya naman ng BHB si Cpl. Daiem Amsali Hadjaie ng 25th IB, 10th ID ng Philippine Army noong Nobyembre 28. Ito ay makaraan ng 12 araw na pagkakadetine bilang bihag-ng-digma. Ligtas at maayos na ipinasa siya ng *custodial unit* ng Conrado Heredia Command (CHC-BHB) kay Davao City Vice Mayor Rodrigo Duterte. Dinakip ng BHB si Hadjaie noong Nobyembre 16 nang dumaan siya sa tsekpyont ng mga Pulang mandirigma ng CHC sa Sityo Mabatias, Upper Monkayo, Compostela Valley. **AB**

Protesta ng mga drayber ng kuliglig, marahas na binuwag

Marahas na binuwag ng mga elemento ng Manila Police District (MPD) ang kilos-protesta ng mga drayber ng kuliglig (*pedicab* na pinatatakbo ng motor ng bangka) noong Disyembre 1 sa Maynila. Labing-anim na drayber ang inaresto at nagtamo ng matitinding sugat sa katawan. Maraming iba pa ang malubhang nasugatan.

Nagrali ang 2,000 drayber sa Manila City Hall upang tutulan ang kautusan ni Mayor Alfredo Lim ng Maynila na pagbawalan ang mga kuliglig na bumyahe sa mayor na mga lansangan ng syudad. Ayon sa Alyansa ng Nagkakaisang Pedicab at Kuliglig Drivers (ALNAPEDKU), hindi makatarungan ang utos dahil marami ang mawawalan ng hanapbuhay. Nagrali sila sa Korte Suprema upang humingi ng pansamantalang pagtigil sa kautusan.

Dakong tanghali, nakaipon ang mga drayber at kanilang mga kuliglig sa harap ng Mehan Garden. Pagsapit ng alas-2, sinimulan ng mga pulis ang pagbuwag sa rali at barikada ng mga drayber. Gamit ang trak ng bumbero, binomba ng tubig ang mga nagpoprotesta at ginamitan ng tigas

upang sapilitang itaboy. Pinagpapalo at kinaladkad sa kalsada ang mga inarestong drayber. Umabot sa 20 kuliglig ang winasak ng mga pulis sa pamamagitan ng pag-araro sa mga ito gamit ang trak ng MPD. Ang mga inaresto ay sinampahan ng kasong ilegal na pagtitipon, pandarahas at pambabara sa trapiko. Inabot nang tatlong araw na nakadetine ang 13 inaresto bago makapagpyansa.

Umani ng batikos ang marahas na pagbuwag sa demonstrasyon. Ang sitwasyon ng mga drayber ng kuliglig ay salamin ng labis na pagkaatrasado ng ekonomya kung saan ang malaking bahagi ng masang anakpawis ay walang hanapbuhay. Ang pag-oopereyt ng kuliglig ay isang paraan ng pag-angkop ng masang mala-proletaryado upang kahit papaano ay mayroon silang maiuwing kita para sa kanilang mga pamilya. Tahasang walang malasakit ang guberno nang sa halip na suportahan sa kanilang pagsisikap ay pinagbawalan pa sila sa kanilang hanapbuhay. Ang brutal na pasistang pandarahas sa kanila ay mag-uudyok lamang ng higit nilang paglaban. **AB**



13 sundalo, napatay sa ambus ng BHB sa Cagayan

Labintatlong (13) tropa ng 17th IB ng Philippine Army ang napatay at dalawang sarhento ang nawawala matapos ang magkasunod na labanan sa pagitan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga bayan ng Sto. Niño at Piat, Cagayan noong Nobyembre 20 at 21.

Bandang ala-una ng hapon noong Nobyembre 20 nang mag-sagupa ang isang yunit ng Danilo Ben Command (DBC-BHB) sa West Cagayan at isang yunit kumando ng 17th IB sa kabundukan ng Barangay Balanni, Sto. Niño. Pagkaraan ng halos tatlong oras na labanan ay nagtamo ang kaaway ng tatlong patay at dalawang sarhento ng sinasabing "elite force" ng 17th IB ang nawawala. Sa panig naman ng BHB, maayos itong nakaatras sa lugar ng labanan nang walang kaswalti.

Para makabawi sa kanilang kabiguan sa kamay ng BHB,

nagpadala ng reimporsment ang kaaway noong Nobyembre 21. Alas-9:20 ng gabi nang papasok ang mga ito sa bayan ng Sto. Niño lulan ng limang siksabay at anim na Kennedy jeep. May dalang dalawang 105 mm *howitzer* at isang Armed Personnel Carrier (APC) ang kaaway.

Ngunit sa Barangay Villa Reyno, Piat pa lamang ay tinambangan na sila ng isang tim ng DBC-BHB. Kanilang pinasabugan ang tatlong siksabay gamit ang mga *command-detonated explosive* (CDX). Sampu (10) ang napatay sa mga sundalo. Ilan sa mga tinambangan ay sa ospital


na tuluyang namatay.

Para itago sa mamamayan ang kanilang mga kaswalti sa labanan sa Barangay Balanni, palihim na inilabas ng militar ang mga bangkay ng mga tropa ng 17th IB sa Barangay Calaoagan, Piat noong Nobyembre 22. Ngunit hindi nila maitago ito sa maraming mamamayan na nakasaksi sa pagkatalo ng reaksyunaryong hukbo.

Tumagal nang halos tatlong linggo ang aabot sa laking brigadang operasyong militar sa kanlurang Cagayan. Sinaklaw nito ang mga bayan ng Sto. Niño, Piat, Rizal at Lasam. Mahigit 300 sundalo na kinabibilangan ng pinagsanib na mga pwersa ng 17th IB, Special Action Force, Special Warfare Tactics (SWAT), Regional Mobile Group ng PNP at CAFGU ang umatake. Ginalugad ng mga pasistang sundalo ang mga kabundukan at komunidad ng mga naturang bayan.

Malaking sampal sa Armed Forces of the Philippines ang magkasunod na mga kabiguan ng militar sa kamay ng BHB dahil nang papasok pa lamang ng taong 2010 ay ipinagyayabang na ng 5th ID na nalipol na ang BHB sa lalawigan ng Cagayan.

Mula Enero 2010 ay katumbas na ng mahigit isang platoon ang nalalagas sa pwersa ng 17th IB. Mas marami pa ang nasugatang mga sundalo sa tuluy-tuloy na mga labanan sa pagitan ng 17th IB at mga yunit ng Danilo Ben Command sa kanlurang Cagayan. AB






Kumpanya ng mina, pinarusahan ng BHB

Isang malaking kumpanya sa pagmimina na pag-aari ng isang kapitalistang Taiwanese ang pinarusahan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa ilalim ng Henry Abraham Command (HAC)-Silangang Cagayan noong gabi ng Disyembre 2. Sinalakay ng isang yunit ng HAC-BHB ang *compound* ng Uni-master Conglomeration Inc. (UCI) sa Barangay

Pateng, Gonzaga at sinunog ang kagamitan sa pag-*quarry* na umaabot sa P10 milyon ang halaga. Bago ito, dinisarmahan ng mga Pulang mandirigma ang mga bantay nito ng kanilang dalawang *shotgun* na "Street Sweeper" at isang pistolang 9 mm. Hindi naman sinaktan ang mga bantay.

Para pagtakpan ang panda-rambong ng *magnetite* ng UCI, na pag-aari ni Wilson Chan, ipinagmamalaki nito na malaki umano ang naitutulong nila sa proyekto ng Cagayan Economic Zone Authority (CEZA) sa Ilog

Wangag sa Barangay Pateng. Ang pananalasa ng UCI sa likas na kayamanan ng Gonzaga ay nangyayari sa pakikipagsabwatan nito sa CEZA na kontrolado ng pamilya ni Senate President Juan Ponce Enrile. Noong



elek-syon, si Chan ay nag-ambag sa pondong pangkampanya ng kasalukuyang alkalde na si Carlito Pentecostes, Jr., na tauhan ng mga Enrile. Umabot sa P25 milyon ang iniambag ni Chan sa pondong pangkampanya ng alkalde.

Samantala, sa Davao Oriental, pinarusahan ng isang yunit ng BHB ang isang opisyal ng Philippine National Police (PNP) na si SPO1 Romie Cabuñas noong Nobyembre 29 sa Purok Daisy, Barangay Poblacion, Boston. Ayon kay Ka Roel Agustin II, tagapagsalita ng Conrado Heredia Command-Southern Mindanao Region, si Cabuñas ay isa sa mga nasa likod ng pagpaslang sa lider-magsasaka na si Ludenio Monzon noong Abril 2009. Naglalatag din siya ng "*combat intelligence network*" at isang Pulang mandirigma ang napatay bunga nito. Naging instrumento rin siya sa araw-araw na pang-ingkil sa mga maralitang magsasaka at mangingisda, maliliit na negosyante at mga konsesyunaryo ng pagtotroso sa Boston. **AB**

NDF-EV, binatikos ang pagkakampo ng AFP sa sentro ng baryo

Binatikos ng National Democratic Front-Eastern Visayas ang 6th Field Artillery Battery sa ilalim ng 8th Infantry Division sa pagkakampo ng mga tropa nito sa mismong sentro ng Barangay San Isidro, Las Navas, Northern Samar. Ayon kay Fr. Santiago Salas, ito ay paglabag sa International Humanitarian Law dahil nilalagay nito sa peligro ang buhay ng mga sibilyan.

Kasabay nito, nagpugay ang NDF-EV sa mga Pulang mandirigma na naglunsad ng operasyong pag-isnayp noong Nobyembre 22 kung saan isang sarhento ng AFP ang napatay at isa pa ang nasugatan. Inilunsad ang gayong aksyon nang may buong pag-iingat para hindi madamay ang mga sibilyan.

Pinabulaanan ni Fr. Salas ang bulaang kwento ni Maj. Gen. Mario Chan, hepe ng 8th Infantry Division ng Philippine Army, na nilabag ng BHB ang karapatang-tao sa taktikal na opensibang ito. Aniya, mga lehitimong target-militar ang dalawang sarhento at walang natamaang sibilyan. **AB**

Welga laban sa mga kaltas sa badyet ng SUC, lumalawak

Dumaluyong ang mga kilos-protesta ng libu-libong estudyante, guro, kawani at upisyal ng mga pampublikong pamantasan at kolehiyo (State Universities and Colleges o SUC) mula noong huling lingo ng Nobyembre laban sa malalaking kaltas ng rehimeng Aquino sa badyet para sa mga ito.

Sa Metro Manila, sabay-sabay na lumabas sa mga kampus ang mahigit 8,000 estudyante nitong Disyembre 1 at nagmartsa patungong Senado. Mariin nilang tinututulan ang malalaking bawas sa badyet ng halos lahat ng SUC, kabilang na ang P1.1 bilyon kaltas sa Maintenance and Other Operating Expenses (bayad sa kuryente at tubig, pagpapaayos ng mga klasrum at bayad sa mga iskolar at kontraktwal na mga empleyado tulad ng dyanitor). Binawasan din nang 43% ang pondong pantulong sa mga estudyante (*students financial assistance*).

Binatikos ni Kabataan Party

secretary-general Vencer Crisostomo ang pahayag ni Department of Budget and Management (DBM) Sec. Florencio Abad na wala raw kaltas sa badyet at nadagdagan pa nga ito. Ayon kay Crisostomo, itinutulak nga ni Abad na umasa sa sarili ang mga SUC sa pamamagitan ng pagtataas ng matrikula at pagpapaupa ng mga ari-arian nito. Ito ay malinaw na komersyalisasyon sa edukasyon at tuluyang pagtalikod ng gubyrno sa responsibilidad nitong pondohan ang mga pampublikong kolehiyo. Sinabi rin ni Crisostomo na ipinagpapatuloy lamang ni Benigno Aquino III ang dati nang

programang Medium Term Development Plan for Higher Education. Nakasaad sa naturang programa ang pagbabawas sa pondo ng mga SUC at ang atas sa kanilang lumikom ng sariling salapi.

Nagkamit ng inisyal na tagumpay ang sama-samang pagkilos ng mga estudyante, guro at mga kawani ng mga SUC. Napwersa nila ang Senado na dagdagan ng P146 milyon ang badyet ng mga SUC para sa taong 2011. Ang pondong ito ay ilalagay sa Maintenance and Other Operating Expenses sa bawat SUC. Hiningi rin na bawiin ang pahayag ng DBM na walang kaltas sa badyet. Ayon kay Kabataan Party Rep. Raymond Palatino, malinaw na ang idinagdag na pondo ay pag-amin na mayrong pagbawas sa badyet. Hindi pa rin tapos ang laban para maigiit ang mas mataas na badyet dahil sinusupportahan ni Aquino ang planong bawasan ang badyet ng mga SUC.

Sumama sa protesta ang delegasyon mula sa University of the Philippines sa Diliman, Manila at Los Baños (UPD, UPM at UPLB), Philippine Normal University (PNU), Tarlac State University, Polytechnic University of the Philippines sa Sta. Mesa, Maynila at Taguig, Rizal Technological University (RTU), Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology (EARIST), Pamantasan ng Lungsod ng Marikina at maging mga estudyante sa pribadong paaralan at mag-aaral sa hayskul.

Sa UP Diliman, ilang libong estudyante, guro at kawani ang nagmartsa sa loob ng kampus.



Nakiisa sa kanila ang mga progresibong kinatawan sa Maba-bang Kapulungan na kinabibilangan nina Bayan Muna Rep. Neri Colmenares, Gabriela Women's Party Rep. Emmi de Jesus at ACT Teachers Rep. Antonio Tinio. Nagrali muna sila sa UP-Ayala Technohub sa Quezon City kung saan sinalubong nila ng protesta ang pagdating ni Aquino.

Sa PUP sa Sta. Mesa, Maynila, isinara ng mga estudyante ang tarangkahan ng eskwelahan at idineklarang walang pasok. Nakiisa sa protestang ito ang presidente ng PUP na si Dr. Dante Guevarra, sina Anakpawis Rep. Rafael Mariano, Kabataan Party Rep. Palatino at si San Juan Rep. Joseph Victor Ejercito.


Nagkaroon din ng mga sabay na pagkilos sa University of Northern Philippines, University of the Philippines in the Visayas-Miag-ao at Iloilo City, Western Visayas State University, Western Visayas College of Science and Technology, Northern Iloilo Polytechnic State College, Capiz State University, University of Southeastern Philippines (USEP) at University of the Philippines-Mindanao.

Kinabukasan, nagkaroon naman ng protesta sa loob ng kampus ng Mindanao State University (MSU). Umabot sa 1,400 estudyante ang nakiisa sa pagkilos.

Nagsimula ang daluyong ng mga protesta noong Nobyembre 22 nang magmartsa patungong

Senado ang mga estudyante kasabay ng panimulang pagsalang ng badyet sa edukasyon. Naglabas ng manipesto ng pagkakaisa ang halos 100 lider ng pamantasan, estudyante at guro at mga organisasyon, alyansa, publikasyon at konseho ng mag-aaral para labanan ang pagkaltas.

Sinundan ito noong Nobyembre 25 nang magpahayag ang Philippine Association of State Universities and Colleges (PASUC) ng paninindigan laban sa



kaltas sa badyet at manawagan para sa mas mataas na badyet sa antas-kolehiyo. Dumalo sa pagtitipon ang 87

kinatawan ng PASUC na kinabibilangan ng mga presidente, direktor at pinuno ng mga SUC.

Noong araw ding iyon, mahigit 4,000 estudyante ng UP Diliman ang nagrali sa University Avenue at Quezon Hall bago magmartsa patungo sa Palma Hall. Sa UP Manila, tumigil ang klase sa buong College of Arts and Sciences at nagbarikada ang mga estudyante sa harapan ng UP-Philippine General Hospital (UP-PGH). Nakiisa sa kanila ang mga guro at maging mga doktor, nars at kawani ng PGH.

Sa PUP Sta. Mesa, Maynila, umabot sa 5,000 ang nakiisa sa barikada ng mga estudyante sa pamantasan. Nagbarikada naman ang 1,000 estudyante ng EARIST sa tarangkahan ng kanilang eskwelahan. Mayroon ding protesta sa PNU at RTU. Naglunsad naman ng raling-iglap ang mga estudyante sa Baguio City kasabay ang pagdalaw doon ni Aquino. Hinamon nila ang rehimen na bigyang-prayoridad ang badyet sa edukasyon.

Lumiban din sa kanilang mga klase ang 800 estudyante ng Quirino High School sa Quezon City. Mariin nilang tinutulan ang ₱21,000 kaltas sa Maintenance and Other Operating Expenses sa kanilang paaralan.

Noong Nobyembre 26, nagmartsa ang 3,000 mga estudyante, guro at kawani tungong tanggapan ng Department of Budget and Management (DBM) bago sila pumunta sa Mendiola, Maynila. Sa Cebu City, nag-walk out naman ang 400 estudyante kasama ang mga guro at kawani ng UP Cebu, habang sa UP Mindanao at USEP ay nagkaroon din ng kaparehong pagkilos.

Noong Nobyembre 29, isang kilos-protesta naman ang isinagawa ng mga estudyante sa hayskul sa tarangkahan ng PUP. Anila, nangangamba silang hindi na makapag-aaral sa mga SUC kapag patuloy na pinaliit ang badyet sa antas-kolehiyo. Kinabukasan, nag-walk-out ang mga estudyante ng UP-Mindanao at USEP. Sumuporta sa kanila ang mga guro at dean ng USEP. Nagtungo sila sa Davao City kung saan ipinahayag ang kanilang paninindigan. AB

Kilos-protesta ng mga estudyante sa iba't ibang bahagi ng daigdig

Lumalawak at lumalakas ang mga kilos-protesta ng mga estudyante sa iba't ibang bansa sa Europe laban sa pagtaas ng matrikula at pagkaltas ng badyet para sa edukasyon. Bumwelo ang mga protesta nitong Nobyembre, isang buwan matapos maglunsad ang mga unyon ng mga manggagawa sa France at iba pang mga bansa ng sunud-sunod na pambansang welga.

Tinutuligsa ng mga nagpoprotestang estudyante ang mga pagkaltas sa badyet na anila'y lumalabag sa karapatan nila sa edukasyon at ang sabwatan ng kani-kanilang gubyrno at malalaking bangko tulad ng IMF-World Bank para ipatupad ang gayong mga hakbang. Binabatikos din nila ang panggigipit ng mga pulis sa kanilang mapayapang mga protesta.

Sa United Kingdom, sunud-sunod na mga kilos-protesta ang

inilunsad ng mga estudyante sa iba't ibang lugar para labanan ang tripleng pagtaas ng matrikula mula 3,000 tungong 9,000 Euro at ang iba pang mga kaltas sa badyet ng gubyrno.

Bago ito, nakapaglunsad na rin ng malawakang mga protesta ang mga estudyante noong Nobyembre 10 at 24.

Samantala, mayor na dislokasyon ang naganap sa syudad ng Rome at iba pang lunsod ng Italy noong Nobyembre 30 dahil

sa malawakang kilos-protesta ng mga estudyante laban sa mga tinaguriang reporma sa edukasyon. Bago ito, libu-libong estudyante mula sa hayskul at kolehiyo ang dumalo sa isang demonstrasyon sa Rome noong Nobyembre 25.

Sa Northern Ireland, umabot sa 100,000 estudyante ang nagmarsta sa lansangan ng Dublin noong Nobyembre 24 para tutulan ang 15 bilyon Euro kaltas sa badyet na ipinatupad ng gubyrno ni Prime Minister Brian Cowan bilang kondisyon sa 85 bilyon Euro na pautang ng IMF at Eurobank.

Sa Greece, libu-libong estudyante ang nagmartsa sa mga lansangan ng Athens noong Nobyembre 24.

Sa Bordeaux, France, nagmartsa ang mga estudyante ng hayskul laban sa planong reporma sa pensyon ng gubyrno na nagtataas sa edad sa pagreretiro.

Sa Bulgaria, naglunsad ng kilos-protesta ang mga estudyante sa Sofia University noong Nobyembre 16 laban sa planong pagkaltas sa badyet sa mga kolehiyo at pamantasan. Sa Kiev, Ukraine, libu-libo ang nagmartsa tungo sa Ministry of Education laban sa ipinapataw na bayarin sa edukasyon.

Samantala, sa ibang panig ng mundo, naglunsad din ng kilos-protesta ang ilandaang estudyante sa Chile noong Nobyembre 16 laban sa planong pagtaas ng matrikula. Sa University of California-Berkeley sa US, nagprotesta rin ang ilang libong estudyante noong Nobyembre 19. AB

KM, naglunsad ng raling iglap

NAGLUNSA ng raling-iglap ang mga myembro ng Kabataang Makabayan (KM) para ipagdiwang ang ika-46 na anibersaryo nito noong Noyembre 30. Ang KM ay isa sa mga alyadong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Daan-daang kasapi ng KM ang nagsimulang magtipon dakong alas-12:30 ng hapon sa R. Papa Street at nagmartsa patungong Morayta St. hanggang sa Avenida Avenue sa Maynila noong Disyembre 1. Bitbit nila ang mga plakard na may nakasulat na "Kabataan, tumungo sa kanayunan, sumapi sa NPA," "Rehimeng

US-Aquino ibagsak," "Kabataang Pilipino, mamulat, sumapi sa NPA" at "Ibagsak ang imperyalismong US".

Ayon kay Ma. Laya Guerrero, tagapagsalita ng KM, tutugunan ng KM ang panawagan ng Partido Komunista ng Pilipnas (PKP) sa kabataan na mag-ambag sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka tungong estratehikong pagkapatas sa susunod na limang taon. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapasampa ng paparaming kabataan sa Bagong Hukbong Bayan. Palalakasin din nila ang mga militanteng pagkilos at daluyong ng kilusang kabataan sa mga susunod na araw at buwan. AB

Ang kampanyang bungkalan sa Negros

Noong Disyembre 2, 2008, nagpasya ang mga kasamá at mga manggagawang bukid na pusisyonan at bungkalin ang mga nakatiwangwang o abandonadong lupa ng Araneta Hermanos Resource Corporation o Hacienda Busay sa Bago City, Negros Occidental. Dahil hindi naman ginagamit, nagpasya silang pagyamanin ang lupa upang pakinabangan nilang mga nagugutom.

Nabigo ang mga magbubukid sa una nilang tangkang bungkalin ang lupa. Hinarang at itinaboy sila ng mga armadong bantay ng mga panginoong maylupa. Ngunit hindi nawalan ng determinasyon ang mga magbubukid para ipursige ang hangad nila. Mahigpit nilang pinanghawakan ang mga panawagan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP-Negros) at National Federation of Sugar Workers (NFSW) na "Lupa at Hustisya," "Pagkain, Hindi Bala."

Pagkatapos halawan ng mga aral ang una nilang tangka, bumalik ang mga magbubukid sa Hacienda Busay noong Disyembre 22, 2008. Mas marami at mas organisado na sila kumpara noong una nilang tangka. Pursigido nilang iginiit ang kanilang karapatang bungkalin ang nakatiwangwang na lupa.

Dahil mas determinado at mas marami sila, nabigo ang mga armadong bantay na harangin sila.

Noong araw na iyon ay lumikha sila ng kasaysayan. Sa kaunaunahang pagkakataon sa Negros,

ang lupa ay binungkal ng mga magsasaka at manggagawang bukid para sa sarili nilang pakinabang at hindi sa interes ng mga panginoong maylupa at imperyalistang US.

Breyktru! Ang balita ng tagumpay sa Hacienda Busay ay kumalat na parang apoy sa kanayunan ng Negros. Isang malawak na kampanyang bungkalan ang nasimulan.

Sa unang sikad nito, matagumpay na naisagawa ang pagbubungkal sa 24 na lugar na tinatawag nilang "Land Cultivation Area" (LCA). Pagsapit ng Oktubre 2009, malawakan nilang tinamasa ang bunga ng kanilang pagkilos: Inani nila at inangkin ang produkto nilang palay. Ang bunga ng sama-samang

pagbubungkal ay malayung-malayo kumpara sa kakarampot na pantawid-gutom kapalit ng maghaponing pagtatrabaho sa tubuhan ng mga asendero.

Umabot sa 80-100 kaban kada ektarya ang kanilang inani. Bukod sa mataas na ani, mas mababa ang gastos sa trabaho ng mga magbubukid dahil isinagawa iyon sa paraang kooperatiba o "bayanihan." Ang itinaninila ay mga tradisyunal na binhi at hindi yaong bagong HYV (*high-yielding variety*). Kaya hindi nila pinroblema ang paggamit ng maraming abono at pestisidyo.

Umaabot na ngayon sa mahigit 40 asyenda ang mga lugar ng bungkalan o LCA. Ang kabuuang erya na pinusisyonan ay umaabot na sa 1,740 ektarya. Tuwirang lumahok sa pagbubungkal ang 2,000 indibidwal. Mahigit 6,000 pamilya ang nakinabang.

Kampuhan ng mga magbubukid. Batay sa matagumpay na

karanasan sa Hacienda Busay, nagtayo ng kampo sa lugar ng bungkalan ang mga magbubukid para hindi sila basta-basta maitaboy ng mga armadong bantay ng panginoong maylupa. Naglagay sila ng mga plakard, mga bandera't istrimer ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at National Federation of Sugar Workers.

Sa Hacienda Busay, ang mga magbubukid ay sama-samang namuhay sa kampo nila sa loob ng 53 araw. Organisado at koor-



Bungkalan sa Hacienda Luisita

Ang apoy ng kampanyang bungkalan sa Negros ay kumalat na rin hanggang sa Luzon. Tinutupok nito ngayon ang isa sa pinakamalalaking asyenda sa Central Luzon, ang Hacienda Luisita na pag-aari ng pamilyang Cojuangco-Aquino. Umaabot na ngayon sa 2,000 ektarya ang natamnan ng palay at ilang daang ektarya pa ang natamnan ng mga bungang kahoy at mga gulay.

Bunga ng militansya, determinasyon at pagkakaisa na natamo ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa ilang taon na nilang pakikibaka sa Hacienda Luisita, mabilis silang nagtamo ng mga tagumpay sa isinagawa nilang bungkalan para igiit ang kanilang karapatan sa lupa at hanapbuhay. Sinamantala nila ang malawak na suportang moral at pulitikal sa kanilang pakikibaka at ang pagkahiwalay ng mga Cojuangco-Aquino upang igiit ang kanilang karapatan na magtanim ng palay at gulay.

Sa pagtatasa ng mga magbubukid, ang bungkalan ay nakatulong sa pagpapalawak ng inisyatiba, maniobra at pleksibilidad sa pakikibaka ng masa. Nagbigay ito ng kita sa mga welgista at dagdag na panustos sa piket, kaya nakapagpatibay ito sa pagkakaisa at paglaban ng masa.


Hindi basta makakatkat sa kamalayan ng masa ang tumimo nang mga aral ng sama-samahang paglaban at organisadong inisyatiba. Puhunan nila ang kamalayang ito upang igiit ang kanilang demokratikong karapatan sa lupa at hanapbuhay sa halip na umasa sa awa at limos ng panginoong maylupa at reaksyunaryong estado.

Batid ng mga magsasaka at manggagawang bukid na hindi basta-basta isusuko ng mga Cojuangco-Aquino ang monopolyo nila sa lupa. Kaya batid din nila ang pangangailangang pagtibayin ang kanilang pagkakaisa upang harapin ang mga banta ng dahas at panlilinlang ng mga panginoong maylupa para wasakin ang kanilang mga tagumpay. AB

dinado silang nagtutulungan sa pagbubungkal. Kabilang sa mga nagtrabaho ang kababaihan at mga bata. Nagdagdag pa sila ng mga tolda para magsilbing mga gwardyang postehan laban sa parating na mga manggugulong bayarang tauhan ng mga panginoong maylupa.

Nagawa nilang maging organisado at koordinado ang pagki-

los dahil sa nabuo nilang mga komite at minantineng mga istruktura ng kumand. Nagpatuloy din ang paglulunsad nila ng kampanyang edukasyon para pataasin pa ang kamulatan ng mga kasapi laban sa panlilinlang ng mga panginoong may-



lupa, kasabwat ang Department of Agrarian Reform.

Mula tubuhan tungong produktibong lupang agrikultural. Ang Negros ang ika-apat sa pinakamalalaking isla sa Pilipinas kasunod ng Luzon, Mindanao at Samar. May kabuuang sukat itong 12,700 kilometro kwadrado. Binubuo ito ng Negros Occidental (bahagi ng Western Visayas o Region 6) at Negros Oriental (na nasa Region 7 o Central Visayas).

Sa kauna-unahang pagkaka-taon sa kasaysayan ng Negros, ang lupa ay tinamnan ng palay at gulay para kainin at pakinabangan ng mga magsasaka at manggagawang bukid. Mula pa noong ika-19 na siglo, ang ekonomya ng Negros ay nakasalalay na sa pagtanim ng tubo na pang-eksport at produksyon ng asukal. Nagdulot ito ng mahaba at mapait na kasaysayan ng kagutuman sa mga magsasaka at manggagawang bukid sa Negros, habang ang mga naghaharing uri ay nagpakasasa sa yaman at luho.

Ang ekonomyang ito ang siya ring kumokontrol sa sistemang pampulitika sa Negros. Ang halos buong pamahalaan ay hawak o impluwensyado ng mga asendero. Ngunit ngayon, nagsisimula nang maging dependsibo ang pusi-syon ng mga panginoong maylupa at ang estadong kontrolado ng panginoong maylupa at kumprador burgesya. Unti-unti na ring nababasag ang kayusang ito dahil sa militante at sama-samang pagkilos ng masang anakpawis sa Negros. AB

Mga abusong militar sa Bicol at Southern Mindanao

Wala pang anim na buwan sa Malacañang si Aquino ngunit umaabot na sa 11 ang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang mula Hulyo hanggang Nobyembre sa Bicol pa lamang. Hinigitan na nito ang sampung biktimang sinalbeyds sa huling anim na buwan ng dating rehimeng US-Arroyo. Sa kabuuan ay umaabot na sa 21 ang mga biktima ng pamamaslang mula Enero hanggang Nobyembre sa Bicol.

Pinakamarami rito (12 biktima) ay sa Albay na itinakdang prayoridad ng AFP para durugin ang rebolusyonaryong kilusan.

Pinakahuling biktima si Ernesto Maniago, Chief Tanod ng Barangay Taisan, Legazpi City na pinaslang nitong Nobyembre 23. Bago ito, minasaker ng mga tropa ng 9th ID-AFP sina Barangay Kagawad Wilfredo Lotino

at dalawa niyang kapamilya sa Barangay Nabas-an, Daraga, Albay noong Oktubre 11. Minasaker din ang apat na magsasaka sa Barangay Sta. Maria, Mobo, Masbate noong Setyembre 7.

Samantala, apat na aktibista ang dinakip ng pinagsanib na pwersa ng 9th IB at PNP-Daet nang salakayin ang upisina ng Karapatan sa Daet, Camarines

Norte bandang alas-10:30 ng umaga ng Nobyembre 22. Ang mga dinakip ay sina Smith Bardon, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-Daet; Denver Bacolod, istap ng Karapatan-Daet; Mherlo Bermas, myembro ng Kabataan Partylist; at Elpedio de Luna, isang dating bilanggong pulitikal na kalalaya pa lamang noong isang buwan. Sinampahan si Bardon ng gawagawang kasong pagpatay samantalang nakapiit pa rin ang tatlo niyang kasamahan kahit walang isinasampung kaso laban sa kanila.

Sa Southern Mindanao Region, nakapagtala ang Karapatan ng 64 na iba't ibang kaso ng paglabag sa karapatang-tao bago pa man mag-anim na buwan sa panunungkulan si Aquino. **AB**

Pagpatay sa mga sibilyan, pinagtatakpan ng AFP

Nitong nakaraang ilang linggo lamang, sunud-sunod na nalantad ang pagsisinungaling ng Armed Forces of the Philippines (AFP) upang pagtakpan ang pamamaslang nila ng mga sibilyan. Noong Disyembre 1, muli na namang naglubid ng buhangin ang AFP upang pagtakpan ang pagkakapatay ng 74th IB sa apat na pasaherong lulan ng bus na pinaulanan nito ng bala matapos harangin sa isang tsek-poynt sa Catanauan, Quezon.

Pinalalabas ngayon ng AFP na tatlo sa apat na biktima ay mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na anito'y nagpaplano sana ng reydy sa bayan ng San Francisco, Quezon habang ang isa naman ay pasaherong "biktima ng *crossfire*." Inagaw umano ng mga gerilya ang bus para gawing pananggalang ang mga pasahero sa kanilang pagtakas.

Napatay sa pamamaril ang mga pasaherong

sina Teodora Tolentino ng Gumaca, Quezon, 52; Joely Pines ng San Francisco, Quezon, 45; Cherry Gil Maaliw, 23, isang guro sa Sariaya, Quezon; at ang konduktor ng bus na si Joel Cava-nes, 36, ng Catanauan, Quezon. Ilan pa ang sugatan.

Mahigpit na pinabulaanan ng Apolonio Mendoza Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Quezon ang pahayag ng AFP. Anito, ang naturang bus ay inagaw ng mga mangholdap sa Mulanay, Quezon at hinabol ng mga pulis hanggang umabot sa tsek-poynt ng militar sa Catanauan. Wala ni isang kagawad ng BHB ang lulan ng naturang bus. Pinabulaanan din ng pulis ang pahayag ng militar.

Bukod sa paggamit ng sobrang lakas-pamutok, pinagbabaril ng mga sundalo ang bus nang walang pagsasaalang-alang sa kaligtasan ng mga pasahero nito. **AB**



US, nang-uupat ng gera sa Korea

Mariing kinundena ng International League of People's Struggle (ILPS) ang pang-uupat ng gera ng US at papet na guberno ng South Korea laban sa Democratic People's Republic of Korea (DPRK).

Ito ay matapos bombahin ng mga papet na pwersa ng South Korea ang teritoryong pandagat ng DPRK noong Nobyembre 23 bandang ala-1 ng hapon. Dahil dito, natulak ang DPRK na bombahin ang islang Yonphyong sa hangganan ng South Korea bilang depensa sa sarili.

Sa burgis na masmidya, hindi halos nababanggit ang nanang pambobomba ng South Korea. Pinalalabas ng mga ito na nang-uupat ng gera ang DPRK para bigyang-katwiran ang paghahanda ng South Korea sa panibagong pagsiklab ng gera at ng pagpapakat ng US ng mga pwersa at mapanlipol na sandata laban sa DPRK.

Kaagad na ipinakat ng US ang USS George Washington, isang barko de gerang may armas nukleyar, sa mga dagat sa hangganan ng dalawang Korea. Nagpakat din ito ng iba pang barko at daan-daang eroplanong pandigma para umano sa mga bagong ehersisyong militar kasama ang South Korea at Japan bilang pagbabanta sa DPRK. Umaabot sa 70,000 tropa ang minobilisa ng US para sa isang linggong maniobrang militar malapit lamang sa hangganan ng DPRK.

"Malinaw na nang-uupat ang mga papet na pwersa ng South Korea sa panunulsol ng US," ani

Prof. Jose Ma. Sison, tagapangulo ng ILPS.

Binatikos din ng North Korea ang paggamit sa mga sibilyang residente ng Yonphyong bilang mga pananggalang kasabay ng pagpapahayag ng kalungkutan sa pagkakasawi ng apat na tao, kabilang ang dalawang sundalong South Korean, sa ginawa nitong depensa.

Sinabi ng DPRK na ipinapakita ng ehersisyong militar ng US at South Korea na ang US ang siyang pangunahing nagpakana sa insidente. Umaabot sa 1,400 ang populasyong sibilyan ng Yonphyong na ginawang baseng militar ng South Korea.

Ibinunyag din kamakailan lamang ng progresibong *website* na Wikileaks ang nakuha nitong mga bagong sikretong dokumento na nagpapakita ng pagpapakana ng US at South Korea na pabagsakin ang North Korea at pigilin ang pag-iisang muli ng dalawang bansa sakali mang bumagsak ang North Korea bunsod umano ng mga pang-ekonomya at pampulitikang problema nito.

"Ang mga pwersang militar ng US ay sangkot sa lahat ng mga mapandigmang maniobra ng South Korea mula noong Korean War (1950-53), sa pagpatay sa milyun-milyong Koreano at pag-okupa sa South Korea



mula nang matapos ang World War II," ani Prof. Sison.

"Iginigiit namin na alisin ng US ang 3,000 tropa nito sa South Korea para bigyang-daan ang mapayapang pag-iisang muli ng Korea at matamo ng sambayanang Koreano ang karpatan sa pagpapasya-sa-sarili. Iginigiit namin ang kagyat na pagtigil ng US at South Korea sa kanilang mga maniobra at ehersisyong militar laban sa DPRK. Dapat na ring itigil ng US ang mga panggigipit nito laban sa DPRK," ayon pa sa kanya.

Ang Korea ay isang peninsula sa hilagang silangang Asia. Matatagpuan sa hilaga nito ang Russia, sa hilagang kanluran ang China at sa timog kanluran ang Japan. **AB**



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XLI Blg. 23
Disyembre 7, 2010
www.philippinerevolution.net

Editorial

Marami pang hamon sa pagsusulong ng usapang pangkapayapaan

Sa rekomendasyon ng Negotiating Panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), idineklara ng Komite Sentral at Komisyonang Militar ng Partido Komunista ng Pilipinas at Pambansang Konseho ng NDFP ang 18-araw na unilateral na tigil-putukan ngayong Disyembre 16, 2010 hanggang Enero 3, 2011. Ang gayong unilateral na deklarasyon ng suspensyon ng mga opensibang aksyong militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ay inilabas ng pamunuan ng Partido at NDFP sa batayang makatao at bilang pagpapakita ng kagandahang-loob sa pagdiriwang ng tradisyunal na kapistahan ng Pasko at Bagong Taon. May katugon at kasabay ding deklarasyon ang gubyernong Aquino.

Layunin ng kagandahang-loob ng NDFP at magkatugong tigil-putukan ng NDFP at ng Guberno ng Republika ng Pilipinas (GRP) na likhain ang mainam na kundisyon para sa usapang pangkapayapaan. Nais nitong hikayatin ang pagpapalaya sa mga ikinulong na konsultant at istap ng NDFP sa usapang pangkapayapaan at iba pang bilanggong pulitikal, ang lubos na pagsasakatuparan ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG), ang pagwawakas sa mga paglabag sa karapatang-tao alinsunod sa pagtaguyod sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), at ang pagpapahusay ng mga



kundisyon para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan.

Ang magkatugong tigil-putukan ng GRP at NDFP ay resulta ng pagsisikap ng mga panel nito sa impormal na pag-uusap sa Hongkong nitong unang linggo ng Disyembre. Tinatanaw ang pagdaraos ng mga panimulang usapan sa Enero at pormal na pagpapatuloy ng mga usapan sa Pebre-

Mga tampok sa isyung ito...

Deklarasyon ng tigil-putukan PAHINA 3

Welgang estudyante, lumalawak PAHINA 8

US, nang-uupat ng gera sa Korea PAHINA 14

Mga tuntunin sa paglilimbag

1. Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

3. Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com